Mga importanteng paalala

Edisyong Abril 2011

# Pamamaraan ng pagbubukod at pagtapon ng basura

G30のその先へ ヨコハマ3R夢!(スリム)



Subukan nating isagawa ang "3R".

- **Reduce** — Bawasan: Bawasan ang basura
- **Reuse** — Paulit-ulit na paggamit: Ilang beses na paulit-ulit na gamitin ang mga bagay
- **Recycle** — Mag-recycle: Pagbubukod at muling paggamit bilang resource (gamit-yaman)




「ヨコハマ3R夢(スリム)!」マスコット イーオ“Io”　へら星人　ミーオ“Mio”

## Paalala sa Pagbubukod

Huwag pagsama-samahin ang mga lumang papel at lalagyang plastik sa loob ng mga burnable na basura. Bukurin ang mga ito sa iba't ibang lalagyan kapag itatapon na.

### Ang bumbetsu o pagbubukod ay mula sa mga burnables, plastik at lumang papel




Bureau of Environmental and Waste Management ng Lungsod ng Yokohama
http://www.city.yokohama.lg.jp/shigen/

---

Ang pagbubukod bago itapon ay pamantayan ng Yokohama

## May sistema ng pagpaparusa para sa mga hindi tumutupad sa pamantayan ng pagbubukod ng basura

Itinakda bilang isang tungkulin ng parehong mamamayan at mga istablisimyento ang pagtupad sa napagdisisyunang pagbubukod at pagtatapon ng basura.Mula Mayo ng 2008 ay ipinatupad ang parusa (multang ¥2000) sa mga lumalabag pa rin sa kabila ng paulit-ulit na pagpapayo.Sa mga sumusunod na hakbang ibibigay ang mga pagpapayo, atbp.

1. Magbibigay ng kaukulang abiso sa mga hindi nagbubukod ng basura.
2. Kapag pagkatapos nito ay hindi pa rin sumusunod ay ituturo ang pagpapabuti.
3. Kapag hindi pa rin umayon ay iuutos na ang pagpapabuti.
4. Sa loob ng isang taon, kapag hindi pa rin napagbuti ay pagmumultahin (¥2000)

※Kapag istablisimyento ang lumalabag ay ilalathala naman ang kanilang pangalan.

- Iinspeksyunin ng nakatalagang opisyal ang basurang hindi nakabukod.
- Ito ay para sa mga bagama't kayang magbukod ng basura ay hindi sumusunod.Hindi ito para sa mga nagkamali lang ng pagbubukod.

Paraan sa Pagkontak　Administrative Department (Nangangasiwang Departamento)　671-3816

## Sa sumusunod na paraan din maaaring kulektahin ang recyclable na basura kapag hindi ito itatapon sa itinakdang tapunan.

### Para sa Aktibong Partisipasyon at Kooperasyon sa Pagtapon ng Recyclable na Basura sa Ating Pook!

Ang mga samahan ng mga anak, matatanda, mga kababaihan, PTA, atbp, ang bawat samahan sa inyong pook at tahanan ay malayang nakikipagtulungan sa pagpapasya ng lugar at araw ng kuleksyon na siya naming ibinibigay sa mga kulektor ng basura.

Para sa karagdagang impormasyon, tingan ng website ng Yokohama Resources and Garbage Collection Division

### Tapunan ng mga Recyclables sa inyong Pook

Tapunan o Box para sa mga lumang papel mula sa inyong tahanan (hindi kasama ang kahon) at lumang damit.Isa-isang nakalagak ang mga ito sa mga Ward Offices, District Centers, Sports Centers, atbp.Basta't mamamayan ng siyudad, kahit sino ay puwedeng magtapon dito.
Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang website ng Yokohama City Resources and Waste Recycling Bureau.



### Sistema ng Pagbibigay ng Incentives

Sa mga nakarehistrong takdang lugar ng tapunan ng recyclables, ang incentives ay mababase sa dami ng itatapon: 3 yen sa bawat 1 kilo. (2011)

### Recycling Center

Kumukulekta ang tanggapan ng Resources and Waste Recycling Bureau sa bawat Ward (kung sa Midori-ku ay Nagasakayato Yard)Maaaring dalhin ang mga lumang papel, lalagyan at pambalot na plastik, atbp. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang Tanggapan ng Pagkolekta ng Basura ng Resources and Waste Recycling Bureau ng bawa't siyudad.

### Pag-aplay para sa Sodai Gomi (Lunes～Sabado/8:30～17:00)

(Para sa mga hindi nakakarinig at nakakapagsalita FAX 662-1225)
Tanggapan sa Internet https://www.sodai.city.yokohama.lg.jp/

Sobrang maraming tawag sa telepono sa umaga ng Lunes at Martes at kinabukasan ng isang pista opisyal. Mangyaring tumawag sa ibang panahon.

**Sentro ng malalaking basura para sa home appliances at kagamitan ng bahay**


2014.11.1～

☎0570-200-530

045-330-3953

| Distrito/ Purok | Ang Tanggapan ng Recycle ay naglilingkod ng (Lunes~Sabado/8:00~16:30) Numero ng telepono | FAX |
|---|---|---|
| Tsurumi-ku | 502-5383 | 502-5482 |
| Kanagawa-ku | 441-0871 | 441-5938 |
| Nishi-ku | 241-9773 | 251-1791 |
| Naka-ku | 621-6952 | 625-2932 |
| Minami-ku | 741-3077 | 741-6492 |
| Konan-ku | 832-0135 | 832-5204 |
| Hodogaya-ku | 742-3715 | 742-4931 |
| Asahi-ku | 953-4811 | 953-6669 |
| Isogo-ku | 761-5331 | 754-6109 |
| Kanazawa-ku | 781-3375 | 788-0269 |
| Kohoku-ku | 541-1220 | 541-1224 |
| Midori-ku | 983-7611 | 982-7973 |
| Aoba-ku | 975-0025 | 975-0028 |
| Tsuzuki-ku | 941-7914 | 941-8409 |
| Totsuka-ku | 824-2580 | 824-2820 |
| Sakae-ku | 891-9200 | 893-7641 |
| Izumi-ku | 803-5191 | 803-7951 |
| Seya-ku | 364-0561 | 391-4784 |

Kung hindi ka nagsasalita ng wikang Hapon, mangyaring patawagin ang isang taong nagsasalita ng wikang Hapon sa ngalan mo.




Sa loob ng mga burnable na basura ay may mga lumang papel pa rin at lalagyan at pambalot na plastik na maaari pang i-recycle.
Ang mga lumang papel ay 10% at ang mga sisidlang plastik ay 5% ng kabuuang binubukod na mga basura.
(Pagsusuri ng Komposisyon noong 2009)

Inilathala noong Abril ng taong 2011　Yokohama Resources and Waste Recycling Bureau – Administrative Department
〒231-0017 1-1 Minato-cho, Naka-ku, Yokohama City　Numero ng Telepono 671-3819

リサイクル適性Ⓐ この印刷物は、印刷用の紙へリサイクルできます。

